


# “Pagbuo ng moldura”

Ang mga importanteng payo para sa kaligtasan at kalusugan


## Aparatong pamigil ng pagkahulog (aperture)

### (1) Aparatong pamigil ng pagkahulog (butas, atbp.)


Gumamit tayo ng personal na sistema ng pang-iwas ng pagkakahulog (harness na pang-iwas ng pagkakahulog)!




Maglagay ng barandilya!



Maglagay tayo ng mga kagamitang pangseguridad (mga barandilya, pantakip, atbp.) sa mga butas!




Ipatupad at sundin natin ang pamamaraan!



## (2) Personal na sistema ng pang-iwas ng pagkakahulog (harness na pang-iwas ng pagkakahulog)


### Mga personal na sistema ng pang-iwas ng pagkakahulog (buong harness na pang-iwas ng pagkakahulog)



### Mga bagay na susundan

1. Tiyaking gumamit ng personal na mga sistema ng pang-iwas ng pagkakahulog (harness na pang-iwas ng pagkakahulog) sa taas na 2m o higit pa.
2. Tiyakin nating gumamit ng personal na mga sistema ng pang-iwas ng pagkakahulog (harness na pang-iwas ng pagkakahulog) sa taas na 5m o higit pa.
3. Kapag mahirap na maglagay ng tuntungan para sa pagtatrabaho sa taas na 2m o higit pa, kailangan ang “Especyal na pag-aaral tungkol sa kaligtasan at kalusugan” kapag kinailangang gumagamit ng mga personal na sistemang pamigil ng pagkahulog (kumpletong paningkaw na klase ng paningkaw na pamigil ng pagkahulog).


## (3) Mga trabaho sa paligid ng butas



### Mga bagay na susundan

1. Panatilihing maliwanag ang ilaw sa paligid ng butas.
2. Kumpirmahin na may curing net upang maiwasan ang mga lumilipad at nahuhulog.
3. Tiyakin na may barandilya na may taas na 85mm o higit pa.
4. Tiyakin na naka-install ang toe board para sa mga nahuhulog na bagay.
5. Huwag maglalagay ng anumang mga materyales sa may butas.
6. Huwag maglalagay ng mga materyales sa barandilya sa may butas.


## (4) Kapag tinatanggal ang barandilya



### Mga bagay na susundan

1. Kapag tinatanggal ang kagamitang pangseguridad gaya ng barandilya, kailangang kumuha ng permiso mula sa pangunahing contractor.
2. Tiyakin munang ligtas ang pang-install na kagamitan kapag gumagamit ng mga personal na sistema ng pang-iwas ng pagkakahulog (harness na pang-iwas ng pagkakahulog).
3. Gumawa ng mga hakbang upang mapigilan ang pagpasok ng mga ibang tao.
4. Tiyaking ibalik ang kagamitang pangseguridad sa oras ng paghinto ng trabaho o sa pagtatapos ng trabaho at suriin ang kaligtasan matapos ang pagbabalik.
5. Gumamit tayo ng personal na sistema ng pang-iwas ng pagkakahulog (harness na pang-iwas ng pagkakahulog) hanggang sa matapos ang pagpapanumbalik na trabaho.


## (5) Mga pantakip sa butas sa sahig gaya ng pag-inspeksyon sa butas, atbp.



### Mga bagay na susundan

1. Kapag kailangan mong magtrabaho sa butas, dapat kang maglagay ng bakod at babala sa paligid ng pansamantalang butas.
2. Para sa maliliit na butas, gumawa ng mga hakbang upang mapigilan ang pagdulas sa mga solidong materyal, at maglagay ng “BUTAS, MAG-INGAT!” sa pantakip sa butas.

## (6) Pansamantalang mga pamprotektang barandilya




### Mga bagay na susundan

1. Sa mga lugar kung saan posibleng mahulog, gaya ng mga butas at pansamantalang butas, tiyaking maglagay ng mga barandilya, linyang pangkaligtasan, at gumamit ng personal na sistema ng pang-iwas ng pagkakahulog (harness na pang-iwas ng pagkakahulog).
2. Kung nakakasagabal sa trabaho ang barandilya, tanggalin ito matapos ireport sa pangunahing kontratista, at ibalik matapos makumpleto ang trabaho.
3. Huwag babaklasin ang mga barandilya at iiwan ang mga ito nang walang permiso.


## (7) Curing gamit ang mga safety net

Ginagamit ang mga safety net upang maiwasan ang pagkahulog ng mga trabahador, kagamitan, at materyales habang nagtatrabaho sa andamyo.

### Curing sa pagitan ng mga palapag



### Pahigang net para sa mga butas







### Mga bagay na susundan

1. Kahit may nakalagay na safety net, tiyaking gamitin ang personal na sistema ng pang-iwas ng pagkakahulog (harness na pang-iwas ng pagkakahulog).
2. Tiyaking matibay at walang sira ang safety net.
3. Tiyakin na may nakalagay na net na sapat ang higpit, at walang mga balakid sa ilalim.

## (8) Pitong gawain para maiwasan ang mga pagbagsak at pagkahulog

1. Mag-isip ng mga paraan para lumipat mula sa pagtatrabaho sa mataas na lugar at sa halip ay magtrabaho sa lupa o sa sahig kung saan walang panganib ng pagbagsak.
2. Kapag isasaalang-alang ang kapaligiran ng pinagtatrabahuhan para sa trabaho sa mataas na lugar, gamitin natin ang pinakaligtas at pinakakumbinyenteng kagamitan.
3. Dahil may panganib ng pagbagsak o pagkahulog, palaging gamitin ang mga personal na sistema ng pang-iwas ng pagkakahulog (harness na pang-iwas ng pagkakahulog).
4. Tiyaking maglagay ng aparatong pangkaligtasan na pang-iwas ng pagkahulog gaya ng safety block.
5. Isagawa ang pag-iinspeksyon ng mga ginagamit na kagamitan/makina at kagamitang pamproteksiyon.
6. Hindi dapat magtrabaho sa mataas na lugar ang mga trabahador na may edad at hindi gaanong malusog.
7. Kapag magtatrabaho sa mataas na lugar, dapat palaging isagawa ng pagtantiya ng panganib na aktibidad sa lugar na pinagtatrabahuhan o mga aktibidad na pagtantiya ng panganib sa indibidwal bago simulan ang trabaho.



Ang mga nakakatandang manggagawa at mga manggagawa na hindi mabuti ang kalagayan ng kalusugan

